

**SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING THE 84TH  
ANNIVERSARY CELEBRATION OF THE DEPARTMENT OF LABOR AND  
EMPLOYMENT (DOLE)**

Bulacan Capitol Gymnasium, Malolos City, Bulacan  
08 December 2017

Salamat po. Kindly sit down. Thank you for the courtesy of standing up.

May dalawang pages lang po ako. [laughter] And you do not deserve it actually. More na dapat akong sabihin kaya lang para naman siguro hindi ma-insulto 'yung taong gumawa nito [laughter] at pinaghihirapan ito ng staff ko. Basahin ko na lang 'yung penultimate paragraph. But before that, I'd like to acknowledge mga kasama ko sa gobyerno.

Dito si... marami kami sa dormi --- Alan Timbayan, was my classmate for... No, rather roommate for about three years, sa law school kami. He's now the Ambassador to... [Saan ka nga, Alan?] Qatar. Bebot Bello, kaharap ko 'yung kwarto nila. Kasabay si Dulay. Bebot is from Isabela. Si Dulay naman is from Baguio, actually. Hindi ko sabihin na... huwag kayo maniwala na puro Bisaya 'yung Cabinet. Actually, most of them are Ilocanos and halos lahat nga diyan sa... 'yung mga bagong miyembro are retired Ilocano AFP generals. Pati 'yung iba. Kokonti lang ho ang Bisaya diyan. Sinadya ko talaga 'yan to be a representative of government of all tribes in the Philippines.

Alam mo, I have been accused of so many things, from being a fascist, a murderer, whatever. Ewan ko kung maniwala kayo. Whether it is really a pretended sentiment of the Filipino o pang-politika lang. You know, I'm on my way out exactly. The day I took my oath of office, I was already in the process of going out of the presidency. Meaning to say I cannot run anymore. Sumagad na po ako. Father, magandang gabi po sa inyo. And whether you like or not, my father is a Cebuano or was or is. And 'yung nanay ko po Maranao. Ang lolo ko Chinese on the mother side.

Now, sabi ko nga po, maniwala man kayo o hindi, mahal ko talaga ang bayan ko. I come from a mixed tribe --- Bisaya, Chinese and everything. But if there's [cheers] something na you cannot really accuse me of is that I lack the love for my country. Kaya po ako --- kakilala man ako nila Alan, Bebot. They know the values, 'yung core natin. Estudyante pa kami, bata pa kami. Makikita mo naman how a person evolves. Eh noon pa po talagang sagad-sagad ang pagmamahal ko sa bayan ko.

Now, bakit ako masyadong pursigido? And like for example, 'yung OFW. 'Yun ho ang paborito ko. Nandito man lahat. And I'm addressing myself to the nation this time, because everybody is represented, all networks are here to listen. Binabalik-balik 'yan, kay kahapon sa Pampanga, or anywhere. Kasi bakit talaga ako 'yung tawag sa Bisaya, "mantas," 'yung parang walang awa ang tao.

Totoo 'yan. Hindi ako naaawa sa mga kriminal pati sa mga taong sumisira ng bayan ko. Long time ago when I was mayor, I was trying to improve things in Davao. 'Yung mga taga-Davao nila, taga-Mindanao, alam niyo magulo talaga ang Mindanao noon, especially Davao. And when I was elected as mayor, by 1988 po, inumpisahan ko na 'yan kasi isa akong piskal, prosecutor. Eh talagang --- Hindi ko naman sinasabi mas marunong ako sa iba. But I have always been a stickler of what the law is. And ang aking paradigm is kung nagkasala ka, magbayad ka. Kaming mga abogado, nagkakaintindihan kami niyan. Retribution. It's an eye for an eye, a tooth for a tooth. Pero hindi naman ganun ka-literal. Kita naman kasi kung may atraso ka sa kapwa tao mo, pagbayaran mo. 'Yung isa namang classical, ito 'yung classical, ang positivist theory is --- pinag-aralan rin namin 'yan, first year 'yan --- na ang tao may pag-asa pa.

Ngayon, kung kulungin mo, i-rehabilitate mo, turuan mo, baka mag-bago pa ang pu... baka, baka sakali. Pero ang naka-pusta ang Pilipino. Hindi ako pwede sa baka. Baboy ka o baka ka o kambing ka. [laughter] I do not gamble with the lives and the comfort of the Filipino. As I have always been telling you, I could never promise you to be very happy. But what I can assure you during my term --- pagbigyan na ninyo, konting panahon lang naman 'yan, is I want everybody, every Filipino comfortable in his country. 'Yan lang po. [applause] Maliit na bagay lang 'yan. Wala naman akong hiningi na malaki.

Ngayon, ganito ang diperensya niyan. Babalik ako doon pagka-mayor sa Davao. Eh talagang magulo. Isa akong piskal at marami akong nakita na mga kaso na bumagsak dahil tinatakot nila, pati pulis. Eh kung pulis ka naman, padalhan ka ng picture ng asawa mo, lumalabas sa palengke o sa bahay mo. You know, 'yan ang terorismo numero uno eh. 'Yan ang... itong mga human rights. Balang araw, makikita rin ninyo 'yan... [inaudible] ang mangyari sa inyo. Hindi ho ako pwede ng ganun. Hindi naman ako nagtapang-tapangan. Pareho lang naman tayo lalaki lahat eh. Wala akong ano sa gender. Pareho lang tayo nagtatrabaho. Nag-aaral kami noon. Pero 'yung sabihin mo, takutin mo ang Pilipino, and you paralyze us. That's what happened in Davao.

So when I became mayor, I said: "Do not destroy my city. I am not a policeman. I am not a soldier. I am an elected worker of government and I build a city." Trabahante lang po ako. Wala na. Huwag ninyo akong tawagin mayor. Korn. Kaya ako hanggang ngayon, I would appreciate it. Lahat ng kaibigan ko, ang tawag nila sa akin "Mayor." I don't like to be addressed as President. Nakokornihan ako. [inaudible] Nagtindig ng balahibo. [laughter] Hindi naman tayo sanay. What I just wanted was that, do not destroy my city because I will destroy you. I will kill you. Do not destroy the young of my land, 'yan lang ang pag-asa namin. Sino ba naman dito milyonaryo?

Alam mo, kung nandito tayo ngayon, kung hindi ka taga-Forbes Park, hindi ka --- You know, kami pulis, sundalo, tayo diplomatiko, ikaw Alan. How much do we get at the end of our earthly existence dito? Just before retirement. Ako ilan? Maybe a little bit higher than the others nandito, sa inyo ni Bebot. Puro tayo taga-dormitory boys. Well,

because I'm President and maybe it is pegged to the highest salary when you retire. But after that, how much do I really earn? Million? Am I paid millions? Mga judges, well, malaki 'yung kanila. But tayo sa Executive department, the highest siguro, I get about five million. Would it really last a lifetime? I'm 72. Pagkatapos ko, 77.

Ngayon pag-retire ko, papasok na 'yang kidney, pancreas, diabetes management, heart, alam mo uubusin na 'yan and everytime in... then and now, pupunta ka naman sa ospital. Bayad ka ng doctor, you stay a few days there, pneumonia kaagad 'yan. Pagka nagkasakit sa sasakyan, pumunta ka ng ospital, automatic 'yan pneumonia. Whatever your ailment is, plus pneumonia 'yan. [laughter] Kasi nandun lahat 'yung --- kagaw na. Ano bang kagaw sa Tagalog?

Well, whatever. Hindi naman kasi ako taga --- kasi kayong mga Tagalog, mahina kayo sa Bisaya eh. [laughter] You should learn more. Eh kami dito naghihirap ng --- You know, I grew up in a place where it's a mixed. Maraming Bulakenyo, Pampangueño doon. Kapampangan marami. So Bisaya, Tagalog then the... eh lola ko Maranao, magkakaintindihan kami ni Jean dito. 'Yung iba Bisaya. Pag Ilonggo ka 'di --- [speaks in Ilonggo] [laughter] Pati Ilocano. Kasi ang kabarkada ko doon sa dormitoryo Bebot, Dulay. Eh 'yan sila nasa pwesto and...

Is it because they are my friends? No. Of course not. It's because they are really very good. Itong Dulay na ito pati itong si Bebot, anak lang kami ng mga mahirap. Wala kaming bahay dito, dormitoryo lang. Ang kasama ko sa kwarto ko, si Yasay. You know that guy in the Foreign Affairs? He has a very drawl language and I can never tell --- and I could not even make --- sort out what he was talking Cabinet meeting and I would say, "Who's that guy talking over there? I couldn't seem to... [laughter] 'Yun siya ang ka-roommate ko.

Well, anyway, wala na doon. On the way up, 'yung mga taga-Davao. Si Sonny Dominguez. Tugade is from Cagayan Valley. Tugade was our valedictorian sa law school, San Beda. Yasay was also brilliant. Bebot, ah... [laughter] medyo komunista naman na hindi komunista [laughter] but marami kami, we share the same horizon.

You know why? Magkaiba talaga ang mundo natin. Kaming mga mahihirap lang --- kasi kung mayaman kami, binigyan na kami ng mga condo kagaya ngayon. Kami puro dormitoryo lang. Kaya na --- sa ayaw niyo at sa hindi, naintindihan ko ang buhay kaya ako labis na mantas na pagka... especially dito.

Now sa inyo bakit? Marami akong pinsan nasa Middle East. May mga pinsan ako, as a matter of fact, sila 'yung unang tumatawag sa Marawi, nauna pa sila sa... Tumatawag. Eh kadugo eh. "Medyo masama na ang lagay dito, ganun. Everything is you know, they're scouring everything and we suspect something big." So, bakit nag-talaga ng gyera? Was it the fault of the military guys or the police? Ako 'yung nagpigil. Sabi ko, "Do it slowly but surely but do not intentionally destroy the mosques and the holy shrines of the Muslim faith."

Sabi ko sa kanila, alam ko marami na namatay sundalo ko dito. I know that you grieve for your country but there is always a larger stake here. Talagang sinabi ko. Alam mo kung ano? The two million plus Filipinos deployed outside of the country and most of you in the Middle East. Sabi kayo, "Bantay kayo diyan." Kaya it dragged on ano. Tingnan mo nagbombahan sa unang araw, hindi talaga ako... Of course not, I will not allow you to... it was only during the time of the level of desperation was already there. At alam mo mga sundalo, you can only --- maski sa actual fighting. Two or three days, mapigilan mo pa 'yan. Pag hindi, magwala na 'yan because of the stress and everything.

So finally nagsabi ako. Pero tinawagan ko muna ang lahat. Tinawagan ko 'yung mga leader ng bansa. Sabi ko, "Kindly understand my situation. Do not take it against us, government and the people because we have nothing to do with it. It is the ISIS na 'yung started in your country that are over here, spreading the gospel of violence and destruction." So medyo hindi masyado ano. Kasi tinawagan ko sila. Sabi ko, "Look, where would you want to place me? My people are dying --- Moro and Christian, lahat na, pati lumad. And so please understand." Kasi tumatawag rin sila. "Mayor, what's happening there? We're very sorry but we hope that you can do something to save lives."

Yes of course. Wala kayong problema sa akin. Sabi ko, may Maranao ako na dugo, ganun. Kung sa China sila, magsige kayo mag-agaw ng lupa, bantay kayo sa akin, Intsik kayo. Kasi ang lolo ko Chinese eh so I sort of have this equanimity magtingin ng problema. Ngayon dito sa droga, 'yan ang paborito kong sinasabi sa inyo eh. May mga pinsan ako na --- hindi naman kami mayaman. Malaki ang sweldo ko ngayon pero hindi kami mayaman. I do not come --- kasi 'pag mayaman ang tatay ko. But maybe after marrying my... 'yung nanay ko, eh 'di dinala niya sa Cebu na. 'Di doon na kami kay may propiedad kami doon.

We went to start in Cagayan --- Iligan muna. Sumibat siya kasi eh tinanan niya, talagang papatayin ka ng Maranao niyan, nang-agaw ka ng hindi mo ano. So we stayed in Iligan then eventually Cagayan, migrated to Davao and it was a hard life. Now, ito ngayong mga tao dito, because of lack of opportunity at kung meron man, over-qualified. Ang accountant who just merely settle for a clerical because of really kulang. Ang ekonomiya cannot support a middle class. So 'yan nga ang sabi ko, we have to double the effort.

Now, when I ran, I promised you this. Tingnan mo, hindi ako nag-ano ha. It's still there, fresh in your memory. I only promised to stop graft and corruption. It will stop during my time. Walang problema 'yan. Kaya sabi ko nga 'pag magdating na kayo, wala na 'yang bukas-bukas. Pagdating ninyo, wala naman kayong harassment sa Customs? Diretso-diretso na kayo? Wala nang bukas-bukas ng mga bag? Hingi-hingi ng ganun? Kasi pag meron pa, sabihin mo, p\*\*\*, papatayin ko 'yan. Puntahan ko. Sinabi ko na, "No opening of bags, no harassment, no nothing." Sabihin nila, "Sir, baka may contraband?" "Anong contraband diyan? Isang maliit lang na shabu, 'di ipahithit mo lahat sa kanya." [laughter] P\*\*\*\*\* i\*\* niya. L\*\*\*\*. Kasi kayong mga ---

Alam mo, kami ganito 'yan... Either may lamok dito o dito sa sulok. [laughter] Kanina pa ako nakati, gusto ko na talaga kamutin kanina pa. [laughter] Alam mo sabi ko, tingnan mo kaming mga --- congressman ako, naging mayor ako. Senador. Pagdaan niyan, "Yes, sir. Mayor. Sige sir, sige." P\*\*\*\*\* i\*\*, isang train 'yung luggage. Bale wala 'yun. Pagdating dito sa mga taga-Hong Kong, kalkalin kung --- Kaya ang order ko, 'pag nangyari 'yan, sasabihin ninyo sa akin ang totoo. Kasi sabi ko sa kanila, "No opening of bags." Kaya kung may balak kayo mag-smuggle, next time na biyahe mo, lakihan mo na ang bagahe mo. [laughter] Huwag naman 'yung isang train. Magagalit si Dulay niyan.

'Yung ka-roommate niya si Dulay, taga-Baguio 'yan, Iloca --- isa ring kuripot 'yan. [laughter] Sige lang hingi ng pera sa mga... Maganda ang koleksyon niya ngayon. Dulay, ganun rin. Mga simple kami na tao. 'Yung... maski gaano kami kahirap, may... 'yung corruption. May masabi sa akin 'yung --- [Saan na 'yung singer?] [laughter] May ma... may masabi ka pa sa akin diyan. Mahilig ako magkanta eh. Pati 'yung kumakanta, minsan makursunadahan ko rin. [laughter] Ganun lang man ang buhay.

Ito ngayon. Sabi ko nung Presidente na ako, do not destroy my country. I'm trying to build a country for my kababayan ko, mga Pilipino. Huwag ninyong sirain ang buhay ng mga anak namin. Alam mo, bakit? Alam ko, may mga pinsan nga ako, na 'yung mga tatay, you know, huwag lang kayong masaktan ha... 'Pag isang pamilya, ang tatay aalis, magtrabaho. That day the family becomes slightly dysfunctional. Wala ng tatay eh. 'Di na makikita ng tatay 'yung mga bata, "Nasaan si Itay, si Inay?" At 'yung asawa maiwan. Gutom na rin sa pag-ibig 'yan. Totoo. The company of love of a family. Ito ngayon, 'pag umalis ang tatay, 'pag umalis ang nanay magtrabaho, both are working. Ang isa na-assign somewhere in the Middle East in one country and the other. That family becomes dysfunctional. Iniiwan lang ang mga bata sa lolo't lola, sa mga kapatid o mga cousins. So ang anak is totally napabayaang na. Lalaki 'yan na walang tatay, walang nanay.

Ang masakit sa akin ganito. Kasi itong shabu is a commodity for the poor. Hindi ito pwede sa milyonaryo. Because sa kanila, cocaine, heroin, whatever mga ecstasy. But according to the studies of the, itong United Nations, they produce stupor, mga hallucinations but only sa shabu. Because itong heroin, cannabis, poppy at lahat, cocaine, are all extracts or derivatives of a poppy. Tanim. Organic. Ang shabu, ang mixture niyan chemicals. It's purely chemicals. And that is why it also causes addiction. Na 'pag binigay mo 'yan dito sa Pilipinas, sa mga anak namin, you are producing a generation of slaves. Hindi mag-serbi ng tao kung 'di slaves of a chemical that would be like monkeys scratching on their backs 'pag umabot na 'yang or na makati na masyado.

And that is why 'yung highest incidence ng pagsaksak, pag-ano dito. Not only that, magnakaw, magpatay para lang makakuha ng pera. At ang problema niyan, 'pag naka-ingest na or naka-shabu na, naka-high na, they go about raping children, wala man sa amin 'yang panahon na 'yan. P\*\*\*\*\* i\*\* kalokohan na 'yan. How can you --- because

shabu produces... ang sabi doon bizarre and violent behavior. 'Yung iba stupor, mga... Kaya mga artista sa Amerika, tira nang tira ng heroin, matulog tapos diretso na sila.

Dito, itong shabu ang pinaka-deadly because it is purely a chemical. Ngayon sirain mo, ang mga anak namin, pinapa-aral namin by the sweat of our brow, pati pawis lahat na. Tapos sirain mo. 'Yan ang masakit pagdating nila after four, five years. Hindi pala nakatapos kasi nag-shabu, nag --- Kasi itong mga animal na 'to. Alam nila diyan kung sinong may monthly remittance. Either a student from the provinces or 'yung mga anak ninyo. Talagang didikitan 'yan, They will rub it hanggang pudpod 'yung resistance ng tao. So pagka nag-ganun na, akala ninyo na nag-aaral 'yung mga bata, text-an mo naman, text o tawag. Of course, they will never tell you the truth. Pagbalik mo dito, it's a great disappointment. Tapos, ang pawis mo, ang pagod mo, and they abuse sometimes.

Kaya ako nagpa-pranka-pranka sa Pilipino eh. Sometimes, they are sexually abused. But makita mo, uniform 'yan, ang tulog minsan three to four hours because they have to serve other households. Dito working for the main family. May son-in-law doon. Abused pati pagkain minsan. Hindi naman lahat. Kaya p\*\*\*\*\* i\*\* mo kung gagawin mo 'yun, papatayin talaga kita. [applause] Wala akong pakialam anong sabihin ninyo, killer-killer. Eh talagang killer. Sino bang hindi maging killer niyan?

So is it wrong to say now: Do not destroy my country because I will destroy you. Destroying a country is destroying a country ha. It's people that we're talking of. Ano ba naman 'yang bahay. Ang kaligayahan natin, even if you are poor or rich. Ang kaligayahan mo, nandiyan sa mga --- the happiness lies in the children. Why do you have to f\*\*\* with the children? Bakit ka papasok nang ganun? Gusto mo talagang mamatay. Eh kung gusto mo mamatay, pagbigyan kita.

Ang iba naman, itong mga u\*\*\* na human rights. Ang pinatay ko raw 7,000. Meron isang kulongog na doktor na babae, psychiatrist, sabi niya three million. Alam mo kung totoo 'yan three million pinatay ko, lahat kayo may-ari ng punerarya, milyonaryo na kayo lahat. [laughter] Biro mo, para kayong nag-harvest ng banana sa plantasyon. [laughter] U\*\*\*. Sabihin nila, "Ah, 'yung Presidente natin... namumut\*\*\* i\*\* sa publiko." Eh ano? Huwag mo akong asarin. Aba, maski sino ka pa diyan. Wala akong pakialam kung ---

Hindi raw ako statesman. P\*\*\*\*\* i\*\* pagkaalam ko, walang sinasabi that you have to be a statesman. Sinabi lang that you're a Filipino citizen. You're 45 years old. [laughter] Hindi naman sinabi bakla ka o tomboy. Eh bakla ako noon. O 'di [laughter] qualified pa rin. Ah, oo, bakla ko, kaya lang makita ako nung mga, pati 'yung mga matataas na babae doon kanina. Mukhang nababalik onti-onti 'yung pagka-lalaki ko. [laughter] Palusot. [applause] Para 'pag sinabi ng babae, "Okay 'yan, okay 'yan, bakla 'yan, huwag kang matakot diyan." Ganun man lang ang raket sa buhay.

Pero 'yung ganun na sirain mo ang --- and itong sinabi ko. No corruption, talagang droga, hindi ko tatanggapin 'yan. Kaya sabi ko, itong media, binibira nila ako araw-araw

ng human rights. Nagsasawa na --- you are wasting saliva. I promised that. No corruption. Talagang gagawin ko 'yan. T\*\*\* --- no drugs. Ke mawalaan ako ng trabaho pagka Presidente, mamatay ako o --- wala ako pakialam. Basta ang malaman ko, I promised the Filipino people during the campaign and I will do it whether you like it or not. Pasensya ka. [applause] Wala akong pakialam kung ano ang opinion mo sa akin. Hindi na rin ako makatakbo, eh tablahin na kita. Tingnan mo naman, pagkatapos nito, no more.

Tapos 'yung isa, that I will pursue peace with the rebels. Eh nagkalabuan na nga. Let's give time for a calling off with the Communist Party of the Philippines. Sila Bebot pati si itong isa, si ano... Sabi ko muna, "Pahinga muna kayo because nagkakalabuan tayo." It began with a slight pagkatapos nakaka-in --- alam mo na ang tao. Pag nagkainsultuhan tayo. [inaudible] publiko. Eh p\*\*\*\*\* i\*\* mo. L\*\*\*\* ka, sige ituloy na lang natin. You know, there are still human elements involved. Hindi mo pwedeng babuyin 'yang mga sundalo. You... you start to talk, let us raise it to the level of walang atake. Absolutely. The best way there is just to keep silent.

Ito namang mga ano... ito namang mga kapatid kong mga Moro, ganito 'yan eh. We are pursuing talks with the MI and MN. Ni-recognize na natin 'yan dalawa. We will pursue it to the logical end. Alam mo kasi, pag hindi natin ito i-recognize ang problema ng Mindanao, this country will never enjoy peace for all time. Sinasabi ko sa inyo 'yan ngayon, sabihin ko uli at 'yan talaga ang totoo. Especially me, coming from Mindanao.

Simpleng istorya lang 'yan eh. Long before Magellan nakialam sa ating bayan 'yung mga Español na. Long before. Sabi nila na 100 years. When I was in Malaysia for my --- kasi naging congressman rin ako sa katagalan ko sa pulitika. I never lost an election. Hanggang Presidente na. I had a lawyer also from Malaysia but who has studied here as a undergrad niya. So he accompanied me sa archives. I'll place it something like mga 80, 90.

So at that time, pumasok na sila sa Mindanao, ang Islam missionary. So practically, before Magellan landed in Leyte, itong tribo ng Maranao, Maguindanao, Iranun, lahat na, sama Tausug, Kagan, ang Muslim ng Davao. Naging mga Muslim 'yan. The tribe ng Ilonggo, hindi naman Ilonggo, it's Hiligaynon. The tribe ng Cebu is not really Cebuano. It's Sugbu. They call the place "Sugbu." Taga-Sugbu na. Sugbuanon is the tribe, is the Malay tribe. 'Yun 'yung Malay tribe na ano, mga pangalan natin. Waray. The only difference is that Visayas and Mindanao.

You know, you have the first Muslim hero and pinilit ko 'yan. Lapu-Lapu. Lapu-Lapu killed Magellan not because of a piece of property. Hindi niya matanggap 'yang p\*\*\*\*\* i\*\*\*\* Kristiyanismo. He was a Muslim. He was Islam. Kaya hindi niya matanggap 'yung --- kaya bakbakan sila doon sa ano. But over time you know why? What was the advantage of the Spaniards? Because they had gunpowder. They had the muskets. Malayo ka pa, bibirahin ka. Hindi na makalapit 'yung mga Moro. Takot sila. So eventually they will subjugate it also. So most of the Cebuanos, ang borders niyan also coming from --- kaya if you know Visayan and if you listen very carefully sa Tausug,

maintindihan mo. Just listen very carefully. Makuha mo kung anong pinag-usapan nila. Visayan because we were part of the Sri-Visayas Empire of the Malay race. 'Yan ngayon 'yan.

So pagdating ng Español, tulak ng tulak tapos invasion din pagdating ng Amerikano, massacre dito, massacre doon. 'Yan 'yan ngayon. 'Yan 'yung beginning hanggang ngayon, it's still the beginning. Hindi matatapos 'yan if we do not talk about peace. Para sa akin, it has now become a territorial. It is not religion. I'm telling you this: It never has been. It is not now. Pero ayusin natin 'to kasi pag hindi, if we fail and there's an open rebellion in Mindanao, sa gusto man nila o hindi pati 'yung mga Moro, papasok ang ISIS pati extremists.

Then because there is war, your enemy is my friend. Eh kung tulungan mo ako dito, 'di sige, pasok ka. And so how do you now control a widespread trouble or violence in Mindanao? Kaya ako, step by step, I'm trying really to figure out paano ko i-track ang... It could be that kung ayaw talaga ng Pilipino because it will undergo a plebiscite, then we will just have to carve out --- I know of some procedure na hindi ko masabi sa inyo ngayon. But I will just have to carve out the Bangsamoro and if the Maranao wants it, then they can now have their own territory and Nur Misuari can now his.

Otherwise, if I go out hindi ko ito naayos, then medyo magulo talaga ang ating bayan. That's why we have --- you know, agriculture is lagging behind. It's something like 6 percent of the GDP is income. When you talk of gross national product, income 'yan or talking of the income of the country. Ang lagging behind really is agriculture. The best thing sa agriculture is you have the manufacturing, doon na mismo. Ngayon hindi nila mai-transport 'yang pineapple, doon na sa bukid ko na... but the conditions in a kuwan noon, ang unang requirement is you must have peace.

So itong mga left na kausap ni Bebot, they have to agree to stop to impose revolutionary tax. We can subsidize the talks and even the billeting and all. Ako na ang mag-gastos para... but you have to stop. Kasi ang problema, ang mga negosyante o 'yang mga sundalo, they can not just, you know, sabihin sa akin, "Mayor, huwag mo kaming pigilan diyan kasi eh... inuubos na kami." So, I had to stop the talks with the NPA's but Bebot and company can always resuscitate it at some other time.

'Yan lang ang requirement ng Pilipino. Walang corruption. Pag walang --- you know, corruption is really pulling us down. Kaya sa akin, even a whiff, bulong-bulungan lang na sabihin na tumanggap ka o naghingi. I will call you. "Don't stay. You're fired." Hindi na --- maging totoo. Pag na-tsismis ka nagka --- now, on Monday, I will fire about one commission mismo. Lahat sila I... wala akong pakialam kung naki-sali lahat o dalawa, tatlo, you have to go out. Because I do not think that it will exist without your knowledge at bakit hanggang ngayon. Wala akong pang-ano. Wala akong patawad-tawad, the last that I fired, 'yung undersecretary mismo ng Budget sa 'yun sa Malacañan. Gusto kong sipain sa mukha eh, sa totoo lang. Nahiya lang ako kasi nandiyan si Medialdea, kaibigan niya.



I fired him. Wala sa labas --- diyan mismo sa - - - pinaikot-ikot 'yung pera sa... sabi ko, p\*\*\*\*\* i\*\* ka. Gusto kong sipain sa mukha, hindi ko man kaya kasi baka magtingin, eh sinimple ko na lang dito sa baba. Sana may kalyo ka para mag aruy-aruy ka. [laughter] Hindi ko masipa sa --- dito na lang sa --- may piano man, mm--. [laughter] T\*\*\* i\*\* mo.

Well, that's it. For government, magkahiyaan tayo, mapapahiya --- kaya ako istrikto masyado. Kaya sabi ko, 'yang mga anak ko, produce a single affidavit, 'wag na 'yan, na may binigay ka sa anak ko. As a matter of fact, I'm telling government people now, 'pag may maglapit sa inyo ng anak ko ng babae, anak ko ng lalaki, dalawa, mga kapatid ko, mga pinsan ko or anybody using my name, consider ano ang hinihingi nila, denied. Maski na walang transaction, maski walang mali 'yan, perfect, p\*\*\*\*\* i\*\* sinabi ko pagka anak ko, kapatid --- sabihin mo maghanap na ng ibang transaction kasi pati ikaw dadalihin kita.

Ganyan ako ka istrikto dapat kasi ako naghahanap ng mali. At wala akong mahanap ng mali sa ano ko, pero 'wag naman 'yang sabihin ibulong mo tapos --- I have to check the records. Now, if you are somebody who has been in and out of the country six times since you were appointed in September using public money, umalis ka na. May Linggo --- kailan ba ang Linggo? Ano bang? There's still a time, enough for you to ponder and tender your resignation. Who told you you can go abroad anytime six times using funds of the government? 'Di ba sinabi ko sa kanila, 'wag kayong mag-travel 'pag hindi ko alam, kasi 'yung travel na lang na pang-ano-ano, that's junket and you're wasting money.

Now, kung sabihin mo, "Bakit ikaw?" Eh 'di gusto mo ikaw ang Presidente? T\*\*\* i\*\* mo. [laughter] Gusto mo palit tayo? [laughter] Kaligaya ko na lang. Akala mo madali? Noon, bata pa ako mag-travel ako, gustong-gusto ko 'yan. Seventy-two years old, 'sus. Mag-ihi nga ako na --- mag-ihi ako sa kubeta noon, pshhk, tapos. [laughter] Ngayon na matanda, psht-psht-psht. [laughter] Malaman mo man. Kayong mga lalaki, gusto ninyong malaman? Eh 'yung urinal na nakapila, sige mag-ihi ka. 'Pag natapos 'yan tapos magtingin pa sa itaas [laughter], eh nag-aaguroy man 'yan. [laughter] Tapos, makita mo, psht-psht-psht. [laughter] Parang tumatawag, psht-psht-psht. [laughter] Pero makita ka may katabing bata, pssssht. Ganun. Wala na. Tapos. Tapos sabihin mong travel? Susmaryosep. Pati sa eroplano pag-u-u. pagdating ng kuwan, turbulence, p\*\*\*, untol-untol ka. [laughter] Paano ako makaka-concentrate? How I hate to travel, sa totoo lang. Ayaw kong --- nagsawa na ako diyan, bata pa ako.

Kaya 'yang Laguna de Bay, kami, we --- we commute, estudyante kami eh, so Christmas time, bakasyon. Every time magdaan, kayong mga taga-Mindanao, 'di ba ang daanan natin diyan, ang flight route natin is 'yung Laguna de Bay? Nakikita ko palagi, sabi ko, "P\*\*\*\*\* i\*\*." Dito isang fence akala mo bukas na, may isa pa pala dito, tapos akala mo dito bukas na may isa na naman dito. P\*\*\*, sabi ko, "Saan magdaan ang mga fisher folk nito, puro okupado?" Sabi ko, "Sinong may-ari?" General, mayor, congressman --- ay p\*\*\*. Kaya ang una ko --- 'di ba? Ang una kong order, nung naging Presidente ako, "Sirain mo." "Sir, kung kay Mayor?" "Sirain mo, pati si Mayor sirain mo." [laughter] Maraming mayor dito, 'wag kayong manghinayang, patayin mo 'yang

isa merong --- [laughter] mas maraming gustong mag-mayor diyan. Gusto pa nga nila sila na mismo ang pumatay eh. Ganun 'yan. Eh solohin mo na sa mundong ito.

Those are just my thoughts actually. Hindi ako nagpapa-hero sa inyo, wala na akong eleksyon na haharapin. At I do not think I'd be --- well, of course 'to --- kung gusto talaga ni Bebot magtakbo ng senador eh... [applause] Pati si Senator Villanueva, siguro tatakbo uli o ano man, okay lang. [laughter and applause]

By the way, ang asawa ko kasi taga-Bulacan, taga-Valenzuela. I hope I will not insult the family, 'yung may-ari ng Valenzuela Funeral Homes --- 'yung purenarya? 'Yung pamilya niya 'yan. 'Yang may-ari niyan, sila 'yan. Nag --- 'yung ibang kapatid nag-migrate ng Davao, but my wife is a Bulakenya. Fluent sa Tagalog 'yan, magsalita ano talaga. Kaya nung bago kaming --- bago kaming kasal, sabi ko, "Gusto mo magnegosyo tayo?" Eh naisipan pala ng g\*\*\*, sabi niya, "Purenarya." Napabigla [laughter] p\*\*\*\*\* --- sa lahat negosyo 'yun pa ang ano.

Sabi niya, "Diyan kami mahusay." Kaya nung eleksyon dumaan kami sa punerarya, "Mga patay, [laughter] 'wag niyo kaming kalimutan mga buhay." So, nakikinig 'yung asawa ko ngayon, baka magsabi pati 'yung mga angkan niya na --- totoo naman eh. It's just a --- not even a --- a joke, it's a pun, P-U-N. Gusto ko lang malaman ng ano, kung hanggang saan 'yung pagkatao ko.

Pero actually, ang pinaka delikado na pasukan mo, drugs. Drugs talaga. Wala akong patawad diyan. Wala akong kaawa-awa diyan. Wala. Basta. Maski anong patron dalhin mo, p\*\*\*, pati 'yung patron mo patayin ko pa. Sino bang patron? Santo Rodrigo siguro. [laughter]

Well, anyway, I'd like to thank you for coming here. I understand that you have been waiting --- well, of course, you started this program umaga pa pala so by this time pagod na kayo, but...

Alam mo, sa totoo lang kanina pa sana ako. Hindi kami makahanap ng butas. 'Di ba, may naka-advance na, pero 'yung kami nasarahan na naman. So hindi namin alam kung Makati na pala 'yung, p\*\*\*\*\* i\*\* hinaharap namin 'yung building diyan. So sabi nila i-call off. Sabi ko, "Wag, maghintay tayo maski gabi. Alam ko maghintay 'yun sila." [applause] Sabi ko --- kaya pinilit ko. Ngayon, ang clouds medyo sabi nila ano pa. 'Pag nahulog ang helicopter ngayon, dahil sa inyo 'yan. [laughter] O at least, sabi niya, "Anong kinamatay ng g\*\*\*\*\* Duterte na 'yan?" Dahil sa pagmamahal niya sa kapwa tao niya. 'Yun lang. [applause]

Maraming salamat po. [applause]

\* \* \*